


# Paano gumagana ang mga Adenovector na Bakuna sa COVID-19

## 1 Bakit ito tinatawag na "Adenovector" na bakuna?

**Adenovector:**  
**Adeno** = Adenovirus, isang virus na nagsasanhi ng karaniwang sipon.  
**Vector** = isang paraan para ihatid ang genetic material sa mga selula.




Ang COVID-19 ay may mga spike protein sa ibabaw nito. Kung makakagawa tayo ng mga antibody sa mga spike protein, makakakuha tayo ng ilang inmunidad. Ngunit para magawa iyon, hindi natin gugustuhing gamitin ang buong virus.

## 3 Adenovirus Vector




Para sa bakunang ito, binabago ang adenovirus upang hindi ito magparami at magdulot ng sakit sa iyo, at ipinapasok sa adenovirus ang genetic code para sa spike protein ng COVID.



Ang mga binagong adenovirus na ito ay ipinapasok sa katawan sa pamamagitan ng iniksyon, kung saan pumapasok ang mga ito sa selula ng tao at nagdidiskarga ng code ng spike protein ng COVID-19 sa estruktura ng selula ng tao.

## 5 Selula ng Tao




Gamit ang genetic code, nagsisimulang gumawa ang mga selula ng tao ng spike protein.




Nakikilala ng immune system ang mga spike protein at tumutugon ito sa pamamagitan ng pagbuo ng mga antibody. Ang isang antibody ay isang protinang tumutulong na labanan ang mga impeksiyon at nagbibigay ng inmunidad.

## 7 Selula ng Tao



Hinahati ng mga enzyme ang mga natitirang genetic code ng COVID-19, na pinoproseso ng metabolismo at inilalabas. Ang genetic material na inihatid ng viral vector ay hindi sumasama sa DNA ng isang tao.



Gumagawa ang immune system ng mga memory cell na tinatandaan kung paano labanan ang virus kung nalantad ka rito sa hinaharap.

[www.snohd.org/covidvaccine](http://www.snohd.org/covidvaccine)



## 9

Tulad lamang ng ibang bakuna sa COVID, maaari kang makaranas ng mga side effect, kabilang ang lagnat, pangginginig, pagkapagod, sakit ng ulo, o pagkirot/pamamaga sa bahagi ng katawan na tinuturuan.

Ibig sabihin nito ay gumagana ito upang maihanda ang iyong katawan na labanan ang COVID-19.